1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mathematics

## Quarter 2 – Module 4a:
## Pagbabawas (Subtraction)-
## Pagtanggal o Pagkukumpara ng mga Bagay



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics–Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 2– Module 4a:**
**Pagbabawas (Subtraction) – Pagtatanggal o Pagkukumpara ng mga Bagay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Antonnette L. dela Cruz

**Editor:** Virgie M. Malana, Arnel M. Batalla, Nerlisa J. Domingsil, Maria Loreza J. Tumanguil

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Isagani R. Duruin

**Tagaguhit:** Antonnette L. dela Cruz

**Tagalapat:** Marvin DJ. Villafuerte

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Rogelio H. Pasinos
Jecelyn De Leon
Nickoye V. Bumanglag

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ____________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Mathematics

## Quarter 2 – Module 4a:
## Pagbabawas (Subtraction)-
## Pagtanggal o Pagkukumpara ng
## mga Bagay

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Dinisenyo at isinulat ang modyul na ito bilang gabay sa mag-aaral upang maunawaan ang pagbabawas o pagkakaltas ng mga bagay-bagay upang mabilis ninyong malaman ang natira o naiwan sa Matematika. Saklaw ng modyul na ito ang paggamit sa ibat ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ginamitan ang modyul na ito ng wika at talasalitaan na naangkop sa level ng mga mag-aaral. Inayos para makasunod sa paraang istandard na pagkakasunod-sunod ang mga aralin sa kursong ito ngunit maaaring baguhin upang matugunan ang ginagamit na mga teksbuk sa kasalukuyan.

Nakapokus ang modyul sa:

- Pagbabawas o pagtatanggal ng bagay o mga bagay sa isang pangkat
- Pagbabawas sa pamamagitan ng pagkumpara ng mga pangkat

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakakabawas ng bagay o mga bagay sa isang pangkat
- Nakakabawas sa pamamagitan ng pagkumpara ng mga pangkat

## *Subukin*

Pag-aralan ang mga larawan at isulat ang sagot sa bawat kahon ng pamilang na pangungusap.

1. 

5 - 3 = ☐

2. 

10 - 6 = ☐

3. 

8 - 4 = ☐

4. 

6 - 1 = ☐

5. 



4 - 3 = ☐


| Modyul 4a | Pagbabawas (Subtraction)- Pagtanggal o Pagkukumpara ng mga Bagay |
|---|---|


## *Balikan*


A. Bilugan ang titik sa Hanay B ang kabaliktaran ng hanay A


**Hanay A** **Hanay B**



1) 2+3= 5



a. 5-2 = 3



b. 5-3=3



2) 3+3 = 6


a. 6-2=4


b. 6-3=3



3) 1+2=3


a. 3-2=1


b. 2-1 = 1

B. Tara nang maglinis ng paligid!

Pag-aralan ang mga larawan at sagutin ang mga katanungan ukol dito.



1.Ano ang mga gamit panlinis na nasa larawan?

______________________________________________

2.Ano ang bagay o pangkat na nakahihigit o nakakarami?

______________________________________________

3.Ilan ang dami ng higit nito kung ikukumpara sa ibang pangkat?


______________________________________________

4. Tumutulong ka bang maglinis sa bahay o paaralan?

______________________________________________

## Tuklasin

A. Pumunta sa tindahan ang batang si Bella. Siya ay may walong piso. Gusto niyang bumili ng lapis na nagkakahalaga ng sampung piso. Magkano pa ang kakailanganin niya upang makabili ng lapis?



a. Sino ang batang pumunta sa tindahan?____________

b. Ano ang kanyang bibilhin?_____________


c. Magkano ang perang dala niya? _____________

d. Magkano ang lapis na bibilhin niya?____________

e. Magkano pa ang halagang kailangan niya upang bumili ng lapis? _____________

B. Basahin ang nasa loob ng kahon at sagutin ang sumusunod na tanong.

| |
|---|
| Namitas sina CJ at Amiel ng pakwan at saging sa bukid. Si CJ ang namitas ng pakwan habang si Amiel ay namitas ng saging. |



1) Ilan ang pakwan na napitas ni CJ? __________________ __
2) Ilang saging ang napitas ni Amiel? ___________________ __
3) Sino ang nakahihigit ng napitas? __________________ __
4) Ilan ang higit na dami ng prutas na kanyang napitas?


___________________



## *Suriin*

Gawain 1

May 4 na daga




May 3 keso



Ilang daga ang walang keso? _________

## Gawain 2

May 7 na bubuyog




May 4 na bulaklak



Ilang bubuyog ang walang bulaklak?_____________

## Gawain 3

May 8 sepilyo




May 2 Pasimada

o toothpaste



Ilang sepilyo ang walang pasimada o toothpaste?_____________

Gawain 4: Tingnan ang larawan. Bilangin ang nahuli ng lambat. Kaya mo bang bilangin ang natira?




a) Ilan lahat ang isda?____________________
b) Ilan ang nahuli ng lambat?____________________
c) Ilan ang hindi nahuli? ____________________
d) Anong pangungusap na pamilang ang mabubuo dito? ________________

## *Pagyamanin*


A. Basahin ang bawat suliranin. Ilarawan ito sa pamamagitan ng dayagram. Pagkatapos, isulat ang pamilang na pangungusap.

1. May sampung isdang alaga si Sophia. Hiningi ng pinsan niya ang dalawa. Ilan ang naiwan kay Sophia?




Pamilang na pangungusap: ☐ - ☐ = ☐

2. May 3 laruang pugita si Elise. Ipinahiram niya ang dalawa sa kalaro niya. Inuwi at hiningi ng kalaro niya ang mga pugita. Ilan ang natira sa laruan ni Elise?



Pamilang na pangungusap: ☐ - ☐ = ☐

B. Pag-aralan ang larawan at sagutin ang mga sumusunod na tanong.



Minuend − Subtrahend = Difference


1) Ilan lahat ang bilang ng puno? Ito ay ihanay sa minuend.
2) Ilan ang bilang ng puno na may markang pula? Ihanay ito sa subtrahend?
3. Ilan ang natira sa mga puno? Ihanay sa difference

## *Isaisip*


Ang **Subtraction o pagbabawas** ay ang pangtatanggal o pagkakaltas ng mga bagay o bilang. May tatlong parte ng subtraction ito ay ang; **minuend**- ito ang kabuuang bilang ng mga bagay, **subtrahend** –ito ang bilang ng mga bagay na kakaltasin o ibabawas at **difference** –ito ang bilang ng natira o naiwan na bagay .

## *Isagawa*


A. Pag-aralan ang mga larawan, sundin ang ipinababawas at isulat ang pamilang na pangungusap o number sentence.



1. ) bawasan ng 5 ay __________




2. ) bawasan ng 2 ay _____________



3. ) bawasan ng 7 ay_____

B. Sa mga larawan, ibawas ang may linya at iguhit ang natirang bagay sa kahon.



C. Kulayan ang bilog ◯ na may tamang sagot.

1. Bumili ang nanay ng 7 visor upang maging ligtas ang mga anak sa Covid-19 na virus.Ibinigay niya ang 5 visor sa mga anak na babae. Ilan ang natirang visor?




◯ 7+5=12 ◯ 7-5=2 ◯ 7-2=5

2. May 15 na sanitizer ang may-ari ng tindahan. Namigay siya ng sampung sanitizer sa mamimili. Ilan ang natirang sanitizer?




◯ 15-10=5 ◯ 10+5=15 ◯ 15-5=10

3. Ang N95 na mask ay medyo may kamahalan ngunit epektibo. May 8 mask si Sky kung kaya't nagbenta siya ng 4 sa kanyang kaopisina. Ilan ang natira kay Sky?



◯ 8+4=12 ◯ 8-4=4 ◯ 8-4=3



## *Tayahin*

Kulayan ang ◯ na may tamang sagot

1. May 15 na alcohol ang botika. Walo ang binili na alcohol ng mga mamimili. Ilang alcohol ang natira sa botika?

   ◯ 7 ◯ 6 ◯ 5

2. Gumawa ng sariling sabon ang 20 mag-aaral. Isinali sa paligsahan ang 5. Ilan ang natirang mga sabon na hindi sumali sa paligsahan?

   ◯ 19 ◯ 17 ◯ 15

3. Binigyan ng 12 mangga ang Pamilya Dela Cruz. Kinain ng mag-anak ang 7 mangga sa linggong iyon. Ilang mangga ang natira?

   ◯ 4 ◯ 5 ◯ 6

4. Nagtanim ng 18 ampalaya ang batang si Niko. Hindi na tumubo ang lima. Ilan ang nabuhay sa kaniyang itinanim?

   ◯ 13 ◯ 14 ◯ 15


5. Nakapamalengke si Tita Neny ng 5 kilo ng talong sa murang halaga. Ipinamigay niya ang 2 kilo. Ilang kilo ng talong ang natira kay Tita Neny?


   ◯ 5 ◯ 4 ◯ 3

## *Karagdagang Gawain*

A. Bilangin ang larawan hanapin ang katumbas nito at pagdugtungin gamit ang ⟶.

**HANAY A** | **HANAY B**

1. 

2. 

a. 6-3= 3

b. 8-2=6

c. 7-2=5

B. Bilangin ang pangungusap na pamilang at hanapin ang katumbas nito at pagdugtungin gamit ang ⟶.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. 14 – 7 = | a.5 |
| 2. 16-8 = | b.7 |
| 3. 25-7 = | c.9 |
| 4. 18-9 = | d.8 |
| 5. 10-5 = | e.10 |
| | f.18 |

# Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. 2
2. 4
3. 4
4. 5
5. 1

Balikan
A.1. A
2. B
3. A

B. 1.Walis at panghakot
2. Walis
3. 6
4.Opo

Tuklasin
A.1.Bella
2.Lapis
3. 8 piso
4. 10 piso
5. 2 piso


B. 1.9 pakwan
2. 25 na saging
3. Amiel
4. 16

Suriin
1- isang daga
2- 3 bubuyog
3- 6 na sepilyo
4.a. 14
b.5
c. 9
d.14-5=9

Pagyamanin
A.1. 10-2=8
2.3-2=1
B. 15-4=11

Isagawa
A.1. 12-5=7
2. 7-2=5
3. 16-7=11

B
1.
2.
3.
4.
5.



Isagawa
C. 1. 7-5=2
2. 15-10=5
3. 8-4=4

Tayahin
1. 7
2. 15
3. 5
4. 13
5. 3

Karagdagang Gawain
A. 1. C
2. A

B. 1. B
2. D
3.F
4. C
5. A

# *SANGGUNIAN*

lrmds.deped.gov.ph

https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-1-learning-material-in-mathematics-quarter-2

https://www.bsd44.org/wp-content/uploads/2014/07/Grade-1-Math-Module-1.pdf

https://www.youtube.com/watch?v=FKPl42IkRMw

https://www.youtube.com/watch?v=u5D0mlT2pSk&t=52s

Answer key corrections
Balikan
A 1. B
Isagawa

A. 3.9
B. 1. Add 1 heart

Item 2 of page 13
Kulang ng 5 sanitizer

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph